TWR WOMEN OF HOPE

# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2024년 11월

ប្រតិទិនអធិស្ឋានចេញផ្សាយជារៀងរាល់ខែ ដែលមានជាង 100ភាសា និងមានអ្នកចូលរួមអធិស្ឋានជាង 110,000នាក់




**Panalangin para sa mga kababaihan sa Kanluran at Gitnang Aprika 1**

Ang Côte d'Ivoire, isa sa 23 bansa sa Kanluran at Gitnang Africa, ay naging matatag mula nang sila ay makabawi sa kanilang pinagdaanang hirap dahil sa digmaang sibil noong 2011. Kaya lang, sa nakaraang maraming taon, ang pangkalahatang subregion ay nakaranas ng kumplikado at mahabang krisis: brutal na karahasan, hindi matatag na pulitika, pagbabago ng klima, mahinang pamumuno. talamak na kahirapan, magulong istrukturang panlipunan, at komunidad na wala sa tamang lugar. Bawat taon, ang grupo ng Women of Hope sa Côte d'Ivoire ay nagsasagawa ng lingguhang programa na isinasahimpapawid sa local na istasyon ng radyo at ibinabahagi sa pamamagitan ng Facebook at sa mga grupong tagapakinig. Ipanalangin natin ang ministeryo ng Côte d'Ivoire sa pagbabahagi ng pag-ibig ng Diyos sa mga kababaihan na nasa gitna ng kaguluhan.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

1. Panginoon, palakasin nawa ng Iyong Espiritu ang relasyon ng mga organisasyon na nakikipaglaban sa human trafficking upang lalo silang magtagumpay. (Phil. 2:2)

2. Diyos, palakasin Mo ang mga kababaihan sa Benin na pinabayaan ng kanilang asawa at mga pamilya at inuusig dahil sa kanilang pananampalataya. Nawa ay lalo silang manangan sa Iyo. (1 Pet. 3:14)

3. Ama, nawa, ang mga asawang lalaki sa Central Africa Republic na nang-iwan ng kanilang buntis na asawa ay bumalik upang mapangalangaan, mahalin at pangunahan ang kanilang mga pamilya. (Eph. 5:25)

4. Diyos, nawa, ang mga babaeng walang asawa sa Côte d'Ivoire ay magkaroon ng kakayahan at makahanap ng matatag na hanapbuhay na may maayos na sweldo para sa mga pangangailangan ng kanilang pamilya. (Ps. 90:17)

5. Panginoon, bigyan Mo nawa ng karunungan ang mga namumuno sa Gabon upang maayos nilang mapamahalaan ang likas na yaman ng kanilang bansa at mapanatili ang pinagkukunan nito. (Prov. 2:6)

6. Ama, maglagay Ka nawa ng mga mananampalataya sa Liberia na magpapalakas ng loob sa mga balo, matulungan silang mapagaling ang mga sakit ng kalooban at magkaroon ng sariling ikabubuhay. (Ps. 68:5)

7. Panginoon, pangunahan Mo ang mga Kristiano sa Mali na nagnanais mag-asawa. Nawa ay makapaghintay sila ng makadiyos na asawa na ipagkakaloob Mo. Nawa, ang kanilang pag-aasawa ay makapagbigay ng luwalhati sa Iyo. (2 Cor. 6:14)

8. Ama, tulungan Mong makalaya ang mga Kabataang Nigerian mula sa makasalanang gawain para lamang yumaman. Tulungan Mo silang naisin ang tunay na kayamanan na matatagpuan lamang sa Iyo. (Matt. 6:19-21)

9. Diyos, nawa, ang mga kapatiran sa Iglesya sa Senegal ay makiisa sa Gawain ng TWR Women of Hope at tumulong na maipalaganap ang pag gamit sa kalendaryong ito sa pananalangin para sa mga kababaihan sa boong mundo. (Col. 4:2)

10. Ama, putulin Mo nawa ang tanikala ng alak, bawal na gamot, at pakikiapid na gumagapos sa maraming kababaihan sa Benin. Nawa ay matagpuan nila ang Kalayaan sa Iyo. (Ps. 72:12)

11. Diyos, nawa, ang mga kababaihan sa Central African Republic na nagiging alipin ng kanilang asawa ay makatagpo ng kalayaan at kalakasan sa Iyong presensya dahil sila ay nagtitiwala sa Iyo. Panumbalikin Mo ang kanilang kaluluwa! (Ps. 23)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

12. Panginoon, pagkalooban Mo ng karunungan ang mga propesyonal na kababaihan sa Côte d'Ivoire sa kanilang mga trabaho at sa pag-aalaga sa kanilang pamilya (Prov. 3:5)

13. Ama, nawa ay magkaroon ng pagkakasundo at pagkakaisa ang mga mamamayan ng Gabon, upang malutas ng mapayapa ang mga bagay na hindi nila napagkakasunduan. (1 Pet. 3:8)

14. Panginoon, dalangin namin ang matatag na ekonomia sa Liberia. Nawa ang kanilang mga mamamayan ay tumingin sa Iyo para sa karunungan, kapayapaan at mga probisyon sa kanilang mga pangangailangan. (Phil. 4:6-7)

15. Diyos, hinihiling namin na nawa ay matapos na ang mga digmaan, sakunang pangkalikasan, at iba pang mga kadahilanan upang magkaroon ng kakulangan sa pagkain sa Mali. (Phil. 4:19)

16. Ama, tanggalin Mo nawa ang mga huwad na propeta at guro sa Nigeria na nanloloko ng mga tao para sa pansariling kapakanan. (Matt. 7:15-20)

17. Panginoon, magtindig Ka nawa ng mga Kristiano sa Benin na tutulong sa mga kababaihang walang tahanan. Pagkalooban mo ng solusyon ang kahirapan ng mga kababaihang ito. (Matt. 25:35)

18. Ama, dalangin namin ang kapayapaan at kagalingan sa tahanan ng mga kababaihan sa Côte d'Ivoire na nagdurusa sa karahasan mula sa pamilya. (John 14:27)

19. Diyos, nawa, ang mga Kristiano sa Gabon ay manindigan para kay Jesus. Bigyan Mo sila ng katapangan na maipahayag ang Ebanghelyo upang ang Iyong Salita ay maikalat sa boong bansa. (Eph. 6:19)

20. Pinupuri Ka namin, Panginoon, dahil ang aming ministeryo sa Liberia ay nagbibigay ng edukasyon at pagsasanay upang ang mga kababaihan doon ay magkaroon ng kahusayan at kakayahan. Ipagkaloob Mo nawa ang mga pangangailangan upang ang ministeryo ay mapaunlad. (Prov. 9:9)

21. Ama sa langit, hinihiling namin na ipagkaloob Mo ang mga pangangailangan at tulong spiritual para sa mga biktima ng baha sa bayan at mga nayon ng Mali. (Ps. 93:4)

22. Ama, magtindig Ka nawa ng mga makadiyos na tagapanguna sa Nigeria na mamamahala nang walang kinikilingan, patitigilin ang katiwalian at pagagaangin ang mga paghihirap ng mga tao. (Exod. 18:21)

23. Panginoong Diyos, dalangin namin na nawa ang mga mag-asawa, lalo na nag mga Kristiano sa Côte d'Ivoire ay mag-kasundo sa halip na maghiwalay. (1 Thess. 3:12)

24. Ama, pagkalooban Mo ng karunungan at pagkamalikhain ang mga namumuno at mga mamamayan sa Gabon para sa pag-unlad ng ekonomiya upang ang mga tao ay makapamuhay nang may dignidad. (Jer. 29:11)

25. Panginoon, nawa ang Iyong Espiritu ang gumabay sa lahat ng may kinalaman sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa Mali ngayong taglamig. Nawa ay marami ang makakilala sa Iyo sa pamamagitan ng gawaing ito. (Acts 28:31)

26. Diyos, tulungan Mo nawa ang mga kababaihan sa Nigeria na naaabuso, naapi at napapagsamantalahan dahil sa sila ay babae. (Ps. 82:4)

27. Ama, nawa ay magkaisa ang mga Iglesya sa Liberia sa kanilang puso at isip upang sila ay makagawa ng sama-sama sa pag-abot sa kanilang bansa para kay Cristo. (1 Cor. 1:10)

28. Panginoon, hinihiling namin na nawa ay maging malaya ang Mali mula sa mga pwersa na naglalayon na sila ay sakupin. Nawa, ang mga tao ay ay lumapit sa Iyo para sa direksyon, kapayapaan at pag-asa habang hinihintay nila na mangyari ito. (Ps. 27:14)

29. Diyos, bigyan Mo ng dagdag na karunungan at pagkaunawa ang mga Kristiano sa Gabon. Sa gitna ng kautusan ng pagsasara ng mga simbahan, nawa, ang mga mananampalataya ay manalangin para sa mga tagapanguna at miembro ng simbahan. (1 Cor. 12:27)

30. Panginoon, baguhin Mo nawa ang puso ng mga kalalakihan na kabilang sa tribo ng Holi ng Benin na ayaw na ang kanilang asawa ay maging maluwag sa pananalapi kaya sila ay pinapahirapan. (Ps. 103:6)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**